



Lungsod ng Santa Barbara

Patakaran sa Pagputol ng Serbisyo ng Utilidad

Petsado
Hulyo 1, 2026



Lungsod ng Santa Barbara

Patakaran sa Pagputol ng Serbisyo ng Utilidad

Sa Lungsod ng Santa Barbara, nakatuon kami sa pagbibigay sa aming mga residente ng mga maaasahang serbisyo sa tubig at basura. Upang matiyak na ang aming mga patakaran ay malinaw at makatarungan para sa mga residensyal at komersyal na kostumer, itinatag namin ang isang patakaran sa pagputol ng serbisyo ng utilidad dahil sa hindi pagbabayad.

Ang patakarang ito ay bumabalangkas sa mga hakbang na gagawin kung ang isang account ay lampas na sa takdang petsa ng pagbabayad, at sa mga maaaring opsyon upang maiwasan ang pagputol ng serbisyo para sa residensyal, komersyal, industriyal, irigasyon, naresiklong tubig, at basura. Tinitiyak nito ang pagsunod sa California Senate Bill 998 (Water Shutoff Protection Act) para sa mga residensyal na kostumer habang nagbibigay ng di-nagbabago, malinaw, at karampatan na mga pamamalakad para sa lahat ng kostumer.

Timeline ng mga Abiso at Pagputol ng Serbisyo sa Hindi Nabayarang Singil sa Utilidad

Ang singil sa utilidad ay itinuturing na lampas na sa takdang petsa ng pagbabayad (past due) kung hindi natanggap ang bayad sa o bago ang takdang petsa na nakalimbag sa kuwenta ng pagsingil (billing statement). Kapag ang singil sa utilidad ay lampas na sa takdang petsa ng pagbabayad, isasagawa ang mga sumusunod na hakbang upang abisuhan ang kostumer at bigyan ng mga opsyon nang mabayaran ang balanseng lampas sa taning (overdue amount):

10 Araw Pagkalipas ng Takdang Petsa: Ipinadala ang Abiso ng Paglampas sa Taning

Kung ang account ay may balanse pagkalipas ng 10 araw ng kalendaryo mula sa orihinal na takdang petsa, padadalhan ang kostumer ng isang abiso ng paglampas sa taning. Ang abisong ito ay magpapaalala sa mga kostumer sa balanseng lampas sa taning at magbibigay ng impormasyon kung papaano maging updated ang account. Kakalkulahin ang nahuling bayarin (late fee) kung natanggap ang bayad pagkalipas ng takdang petsa na nakalimbag sa kuwenta ng pagsingil.

50 Araw Pagkalipas ng Takdang Petsa: Ipinadala ang Abiso sa Pagputol ng Serbisyo

Kung ang account ay may balanse pagkalipas ng 50 araw ng kalendaryo mula sa orihinal na takdang petsa, itinuturing nang delinkuente ang account, at padadalhan ang kostumer ng isang abiso sa pagputol ng serbisyo sa utilidad. Ang abisong ito ay magbibigay-alam sa mga kostumer na maaaring putulin ang kanilang serbisyo sa tubig at/o basura sa pagkalipas ng 70 araw ng kalendaryo matapos ang orihinal na takdang petsa.

60 Araw Pagkalipas ng Takdang Petsa: Inilagay ang Abisong Tarheta sa Pinto (Door Tag Notice)



Kung ang account ay may balanse pagkalipas ng 60 araw ng kalendaryo mula sa orihinal na takdang petsa, maglalagay ng tarheta sa pinto (door tag) at kopya ng patakarang ito sa lokasyon ng serbisyo. Ito ay magsisilbing huling paalala at magbibigay sa kostumer ng pagkakataong kumilos nang agaran. Ang tanging paraan upang maiwasan ang pagputol sa serbisyo sa yugtong ito ay ang buong pagbabayad sa lahat ng balanseng hindi nabayaran (past due balances) o ang pagpasok sa isang plano ng pagbabayad.

70 Araw Pagkalipas ng Takdang Petsa: Pagputol ng Serbisyo

Kung ang account ay may balance pagkalipas ng 70 araw ng kalendaryo mula sa orihinal na takdang petsa, nailagay ang tarheta sa pinto ng lokasyon ng serbisyo nang hindi bababa sa nakaraang 10 araw at walang natapos na plano sa pagbabayad, ang serbisyo sa tubig at/o basura ay ganap na puputulin.

Mga Opsyon Upang Maiwasan ang Pagputol ng Serbisyo

Nauunawaan namin na ang mga problema sa pananalapi ay maaaring mangyari kaninuman, at iyon ang dahilan na nag-aalok kami sa lahat ng mga kostumer ng opsyong pumasok sa isang plano ng pagbabayad para sa mga ipinagpalibang bayad (deferring payments). Ito ay maaaring opsyon sa lahat ng mga kostumer, bago puputulin ang serbisyo sa kanilang tubig at/o basura. Sa pamamagitan ng pagpasok sa kasunduang plano ng pagbabayad (payment plan agreement) at napapanahon na pagbabayad sa lahat ng sinisingil na balance, ang mga kostumer ay maaaring makaiwas sa pagkagambala ng serbisyo (service interruption) at makayanan ang kanilang mga balanseng lampas sa taning.

Ang mga kostumer na magpapatala sa isang plano ng pagbabayad, magbabayad ng kanilang kasalukuyang bayarin, at magsasagawa ng buwanang hulugan sa tamang oras ay hindi puputulan ng serbisyo sa tubig o basura. Ang mga kostumer na may mababang kita o may kondisyong pang-medikal ay hindi kailangang magpakita ng patunay sa kanilang katayuan o kondisyon. Para maiwasan ang pagputol ng serbisyo, ang Kostumer ay kailangang pumasok sa isang kasunduang plano ng pagbabayad kasama ang Lungsod ng Santa Barbara at manatiling updated sa lahat ng mga bayarin sa ilalim ng plano ng pagbabayad at mga bayarin sa regular na buwanang singil sa utilidad.

Mga Detalye sa Plano ng Pagbabayad

Kapag pinili ng mga kostumer na pumasok sa isang plano ng pagbabayad upang maiwasan ang pagputol ng serbisyo sa tubig at/o basura, mahalagang maintindihan ang anyo at mga kinakailangan ng kasunduan. Ang mga kostumer ay kailangang lumagda sa isang legal na nagbibigkis na kasunduan, na nagtatakda ng mga probisyon sa plano ng pagbabayad. Ang mga buwanang hulugan para sa halagang tinukoy sa kasunduan ay dapat bayaran bago o sa mismong takdang petsa. **Bukod sa mga napagkasunduang hulugan sa plano ng pagbabayad, kailangan ding bayaran ng mga kostumer ang kanilang kasalukuyang singil sa utilidad.** Nangangahulugang ito na ang mga kostumer ay may dalawang halagang babayaran buwan-buwan: ang hulugan sa plano ng pagbabayad at ang regular na buwanang singil sa utilidad.



Mahalaga para sa mga kostumer na manatiling may alam sa kanilang mga buwanang obligasyon sa pagbabayad at tiyaking ang mga tamang halaga ay mababayaran sa bawat siklo ng paniningil (billing cycle). Ang mga buwanang bayarin ay patuloy na magpapakita ng kabuuang balanseng hindi nabayaran at hindi hiwalay na itatala ang halaga ng buwanang hulugan sa plano ng pagbabayad. Kung ang isang kostumer ay hindi sigurado sa dapat bayaran buwan-buwan, ang tanggapan ng Utility Billing ay makapagbibigay ng pinakabagong halagang dapat bayaran sa pamamagitan ng telepono o email.

Ang mga kostumer ay kwalipikadong magpanatili ng isang (1) aktibong plano ng pagbabayad lamang sa anumang takdang panahon. Matapos maging pinal ang plano ng pagbabayad, hindi na maaaring gumawa ng mga pagbabago o magbigay ng palugit. Ang lahat ng kasalukuyang plano ng pagbabayad ay hindi na babaguhin o bibigyang palugit. Ang pinakamatagal na termino ng isang plano ng pagbabayad ay 12 buwan. Ang mga termino sa plano ng pagbabayad ay mayroong apat na buong panahon na alinman sa 3, 6, 9, o 12 buwan, depende sa halaga ng kasalukuyang balanse, tulad ng ibinalangkas sa ibaba:

Hindi Nabayarang Balanse na Pinagkakautangan	Haba ng Termino sa Plano ng Pagbabayad
\$0.01 hanggang \$500	3 buwan
\$500.01 hanggang \$1,500	6 buwan
\$1,500.01 hanggang \$3,000	9 buwan
Higit \$3,000	12 buwan

Ang mga kostumer ay maaaring humiling ng isang plano ng pagbabayad mula sa tanggapan ng Utility Billing sa pamamagitan ng pagtawag sa (805) 564-5343 o pag-email sa

UtilityBilling@SantaBarbaraCA.gov.

Paglingat sa Plano ng Pagbabayad

Kapag ang isang hulugan sa plano ng pagbabayad at ang kasalukuyang buwanang bayarin ay hindi nabayaran sa tamang oras, ang mga kostumer ay makatatanggap ng isang abiso sa anyo ng isang tarheta sa pinto (door tag). Ang patuloy na hindi pagbabayad ay maaaring magresulta sa pagputol ng serbisyo.

Inilagay ang Abisong Tarheta sa Pinto



Kung ang isang account sa ilalim ng isang plano ng pagbabayad ay hindi updated sa mga hulugan at mga buwanang kabayaran ng bayarin (monthly bill payments), isang tarheta sa pinto kasama ang kopya ng patakarang ito ang ilalagay sa lokasyon ng serbisyo. Ito ay magsisilbing huling abiso na kailangan ang pagbabayad at magbibigay sa kostumer ng pagkakataong kumilos nang mabilis. Upang maiwasan ang pagputol ng serbisyo, ang mga kostumer ay kailangang magbayad ng buong natitirang balanse o tiyakin na ang nakaraang plano ng pagbabayad at mga buwanang sinisingil na bayarin ay napapanahon sa loob ng termino sa plano ng pagbabayad.

Pagputol ng Serbisyo

Kung ang isang account sa ilalim ng isang plano ng pagbabayad ay hindi updated sa mga hulugan at mga buwanang kabayaran ng bayarin, at may nailagay nang abisong tarheta sa pinto sa lokasyon ng serbisyo kasama ang kopya ng patakarang ito, ang serbisyo sa tubig at/o basura ay puputulin na.

Mga Kinakailangan Pagkatapos ng Pagputol

Kung ang serbisyo sa tubig ay naputol, mahalagang malaman na ang mga kostumer ay kailangang magbayad nang buo sa lahat ng balanse sa account ng singil sa utilidad bago maibalik ang serbisyo. Bukod dito, may ipapataw na bayad sa muling pagpapakabit ng koneksyon sa serbisyo sa tubig. Ang mga bayarin ay matatagpuan sa Schedule of Penalties, Fees and Service Charges ng Lungsod ng Santa Barbara sa <https://santabarbaraca.gov/finance/budget-reports>.

Inirerekomenda ng lungsod na makinabang sa opsyon ng plano ng pagbabayad bago pa maputol ang serbisyo upang maiwasan ang anumang abala at matiyak ang walang patid na serbisyo sa tubig.

Para sa impormasyon tungkol sa mga operasyon sa regular na oras at sa pagkatapos ng oras ng opisina (after-hours), ang mga kostumer ay maaaring bumisita sa website ng Utility Billing ng Lungsod ng Santa Barbara sa: <https://SantaBarbaraCA.gov/Utility-Billing>.

Mga Tumalbog na Pagbabayad

Kung ang isang kabayaran ay tumalbog—ginawa man sa pamamagitan ng papel na tseke o ng elektronikong paraan tulad ng ACH o credit/debit card—isang bayarin sa tumalbog na pagbabayad (returned payment fee) ang kakalkulahin at ituturing na walang naganap na kabayaran .

May dalawang uri ng mga tumalbog na kabayaran, na bawat may magkaibang pamamaraan:

1. Tumalbog na mga Hulugan sa Plano ng Pagbabayad

Kapag tumalbog ang isang kabayaran na ginawa para sa isang naaprubahang plano ng pagbabayad, ang kostumer ay itinuturing na lumabag sa kasunduan sa pagbabayad. Alinsunod sa SB 998, ang account ay nagiging kwalipikado para sa pagputol ng serbisyo. Isang nakasulat na abiso ang ipadadala sa kostumer na nagpapaalam sa kanila sa tumalbog na kabayaran at nagbibigay ng kinakailangang timeline sa pagputol ayon sa SB 998. Para maiwasan ang pagkakaantala ng serbisyo, kailangang gawing updated ng kostumer ang plano ng pagbabayad o bayaran ang buong balanse na lampas sa takdang araw.



2. Tumbalbag na Standard na Pagbabayad sa Sinisingil (Billing Payments)

Kapag ang tumbalbag na kabayaran ay nauukol sa isang regular na buwanang bayarin at ang account ay hindi pa lampas nang 60 araw mula sa takdang araw, ang kostumer ay padadalhan ng abiso na nagpapaliwanag na ang kabayaran ay tumbalbag at na nagpapayo sa kanila na magsumite ng kapalit na kabayaran.

Para sa lahat ng mga tumbalbag na kabayaran, ang mga kostumer ay kailangang magbigay ng magkasunod na kabayaran gamit ang hawak na pera, cashier's check, o money order.

Pag-uunawa sa mga Opsyon at Tungkulin sa Sitwasyon ng Nangungupahan at Nagpapaupa

Proteksyon para sa mga Nangungupahan

Ang lehislasyon na SB 998 ng California ay naglalaman ng mga tiyak na probisyon upang protektahan ang mga nangungupahan sa mga paupahang ari-arian kapag pinag-uusapan ang pagputol ng serbisyo sa tubig. Kung ang nagpapaupa ng isang nangungupahan ay responsable sa singil sa tubig, may mga partikular na proteksyon na inilalapat upang tiyakin na ang mga nangungupahan ay hindi masamang maapektuhan ng isang account na hindi nabayaran.

Mga Kinakailangan sa Abiso

Aabisuhan ng Lungsod ang mga nangungupahan ukol sa paparating na pagputol ng serbisyo sa pamamagitan ng pagbibitay ng tarheta sa pinto (door tag) at kopya ng patakarang ito sa tirahan ng serbisyo nang hindi bababa sa 10 araw ng kalendaryo bago ang pagputol. Ang abisong ito ay magsisilbing huling paalala at magbibigay sa mga nangungupahan ng pagkakataong gumawa ng agarang kilos upang maiwasan ang pagkakaantala ng serbisyo.

Mga Opsyon para sa mga Nangungupahan

Ang mga nangungupahan ay magkakaroon ng opsyong pasanin ang responsibilidad para sa account ng serbisyo sa tubig, nang hindi kinakailangang magbayad ng anumang halagang hindi nabayaran, o kaya ay direktang magbayad halagang hindi nabayaran sa lungsod upang mapanatili ang serbisyo.¹

Mga Kinakailangan para sa mga Bagong Taga-hawak ng Account na Umaako ng mga Delingkwenteng Account



¹ Tumingin sa Seksyon 116916 ng California Health and Safety Code para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga karapatan at obligasyon ng nangungupahan.

May mga pagkakataon na ang isang account ay delingkwente at ang isang bagong may-ari o nangungupahan ay nagnanais na magbukas ng bagong account para sa address ng serbisyo ng delingkwenteng account. Sa ilang mga kaso, ang bagong taga-hawak ng account ay hindi magiging responsable sa pagbabayad ng mga balanseng hindi nabayaran ng nakaraang taga-hawak ng account. Upang gumawa ng bagong account, ang may-ari ng ari-arian o nangungupahan ay dapat magbigay ng kopya ng grant deed, bayarin ng buwis sa ari-arian (property tax bill), o lease agreement na nagtatala sa lahat ng mga residenteng nakatira sa address ng serbisyo upang makagawa ng bagong account.

Pag-uulat

Iniuulat ng lungsod ang bilang ng taunang pagputol ng residensyal na serbisyo sa tubig sa website ng Lungsod. Dapat tandaan na kabilang dito ang lahat ng pagputol sa tubig ng kostumer, nang walang pagtatangi kung ang pagputol ay dahil sa kawalan ng kakayahan sa pananalapi (financial inability) o sa iba pang mga dahilan tulad ng paglipat ng tirahan.

Pamamaraan sa Pag-apela ng Pinag-alitang Singil sa Utilidad

Ang proseso ng pagsusuri at pag-apela para sa pagtututol ng isang singil sa utilidad ay kasama sa patakarang ito upang tiyakin na ang lahat ng mga kostumer ay madaling makakuha ng mga kinakailangang impormasyon at lubos na ipinagbigay-alam ukol sa kanilang mga karapatan at opsyon sa kaso ng isang alitan. Bukod dito, habang ang isang singil sa utilidad ay sinusuri para sa apela, ang serbisyo sa tubig at/o basura ay hindi puputulin, nagtitiyak ng walang patid na serbisyo habang nangyayari ang proseso ng pagsusuri.

1. Pagsusuri ng Finance Director

Ang isang kostumer na nagnanais na tumutol sa katumpakan ng isang singil para sa serbisyo sa tubig, alkantariya (sewer), at/o basura ay dapat, nang hindi lalampas sa siyamnapung (90) araw mula sa petsa ng orihinal na singil, magsumite ng nakasulat na kahilingan sa Finance Director ng Lungsod, o sa kanilang kinatawan, para sa pagsusuri ng singil. Sa pamamagitan ng naturang kahilingan, ang kostumer ay bibigyan ng pagkakataon para sa isang pagsusuri at imbestigasyon, at pagdinig ng Finance Director, o ng kanilang kinatawan, tungkol sa katumpakan ng singil. Ang Finance Director, o ang kanilang kinatawan, ay magkakaroon ng awtoridad na iwasto ang isang maling singil. Ang kostumer ay bibigyan ng nakasulat na abiso ng pasya ukol sa alitan. Ang lahat ng mga pasya ng Finance Director o ng kanilang kinatawan ay magiging pinal.

2. Pagputol ng Serbisyo Dahil sa Hindi Pagbabayad

Ang serbisyo sa tubig ay puputulin kung ang singil ay hindi nabayaran nang buo at walang naisagawang napapanahon at wastong apela o kung ang apela ay tinanggihan at ang apela ay pinal na.

3. Abiso



Sa ilalim ng pamamaraang ito sa pag-apela, ang abiso mula sa Lungsod ay itinuturing na naibigay kapag (1) personal na ibinigay sa kostumer, (2) nakapaloob sa isang sobre na nakatugon sa kostumer at may paunang bayad na selyo at idineposito sa koreo ng Estados Unidos (United States mail), o (3) ipinadala sa kostumer sa pamamagitan ng email kung ang isang email address ay naibigay at ang orihinal na pagsumite ay ginawa sa elektronikong paraan.

Ang patakarang ito ay nakalaan na magbigay ng kalinawan at muling katiyakan na ang Lungsod ng Santa Barbara ay nakatuon sa pagsuporta sa mga kostumer. Ang layunin ay makipagtulungan sa mga kostumer upang tiyakin na ang lahat ng serbisyo ng lungsod, kabilang ang tubig at basura, ay manatiling walang patid at ang anumang mga alalahanin o alitan ay matugunan nang patas at mahusay.

Ang mga pinakabagong impormasyon tulad ng mga oras ng opisina at mga paraan ng pagbabayad ng mga singil sa utilidad ay matatagpuan sa website ng lungsod sa: <https://santabarbaraca.gov/utility-billing>.

Kung mayroon kang anumang katanungan o kailangan ng karagdagang tulong, mangyaring huwag mag-atubiling makipag-ugnayan sa departamento ng Utility Billing ng lungsod sa pamamagitan ng telepono sa (805) 564-5343.

